

**Buod ng mga Pagbabago at Update sa Iyong  
Blue Shield of California Promise Health Plan  
Mga Saklaw na Benepisyo at Serbisyo ng Medi-Cal  
MAY BISA ANG MGA PAGBABAGO: Enero 1, 2019**

Minamahal na Miyembro ng Blue Shield Promise,

Ang layunin ng sulat na ito ay upang ipaalam sa iyo ang mga pagbabago sa iyong mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal sa Blue Shield Promise Health Plan. Inilalarawan ng mga update sa ibaba ang mga pagbabagong ginawa kamakailan ng Blue Shield Promise na maaaring makaapekto sa paraan kung paano mo natatanggap ang pangangalaga at kung saan ka maaaring tumawag para sa tulong. Ang mga pagbabagong ito ay dahil sa:

- Mga update sa iyong 2018 Blue Shield Promise Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal/Ebidensya ng Saklaw; o,
- Mga bagong benepisyo at serbisyo na magagamit mo bilang miyembro ng Medi-Cal ng Blue Shield Promise.

Ang mga pagbabagong ginawa sa iyong 2018 Blue Shield Promise Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal/Ebidensya ng Saklaw ay nakatala sa pamamagitan ng:

- ~~inalis ang text~~ upang ipakita na ang text na ito ay tinanggal na O
- **Makapal at nakahilig na text** upang ipakita na ang text na ito ay idinagdag

Pakibasa ang mga pagbabagong ito at itabi ang sulat na ito kasama ng iyong 2018 Blue Shield Promise Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal/Ebidensya ng Saklaw. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong mga saklaw na serbisyo at benepisyo, pakitawagan ang Member Services ng Blue Shield Promise sa **1.800.605.2556 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Ang tawag na ito ay toll-free.

---

## Seksyon: Mga Benepisyo at Serbisyo

### *Programa ng Pamamahala sa Pangangalaga*

*Ang Blue Shield Promise ay may pangkat ng Pamamahala sa Pangangalaga upang tumulong na sagutin ang anumang tanong na maaaring mayroon ka tungkol sa:*

- *Iyong pangangalaga sa kalusugan*
- *Pagkuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (kalusugang pangkaisipan at karamdaman sa labis na paggamit ng substansya)*
- *Iba pang serbisyo na maaaring makatulong sa pagbuti ng iyong kalusugan*

*Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Programa ng Pamamahala sa Pangangalaga, mangyaring tumawag sa isang tagapamahala ng pangangalaga nang toll free sa 1.877.702.5566 (TTY 711), Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (maliban sa ilang holiday).*

---

## Seksyon: Mga Benepisyo at Serbisyo

### *Programa sa Pag-iwas sa Diyabetis (Bagong Benepisyo)*

*Simula Enero 1, 2019, nag-aalok ang Blue Shield Promise ng Programa sa Pag-iwas sa Diyabetis (DPP). Ito ay isang programa sa pagbabago ng pamumuhay na nakabatay sa ebidensya na dinisenyo upang iwasan o ihinto ang pagsisimula ng type 2 na diyabetis sa mga taong na-diagnose na may prediabetes. Magtatagal ang programa nang isang taon at maaaring magpatuloy nang dagdag na isang taon para sa mga miyembrong kuwalipikado. Gumagamit ang programa ng mga aprubadong pagbabago sa pamumuhay kabilang, ngunit hindi limitado sa sumusunod:*

- *Nagbibigay ng tagapagturo na kauri;*
- *Nagtuturo ng pagmamasid sa sarili at paglutas ng problema;*
- *Nagpapalakas ng loob at nagbibigay ng feedback;*
- *Nagbibigay ng mga babasahing pang-impormasyon upang suportahan ang mga mithiin; at*
- *Sinusubaybayan ang mga routine na pagtitimbang upang makatulong na matupad ang mga mithiin.*

**Dapat matugunan ng mga miyembrong interesado sa DPP ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa programa.** Upang malaman ang higit pa tumawag sa Blue Shield Promise Services sa **1.800.605.2556 (TTY 711)** Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m.

---

## **Seksyon: Mga Benepisyo at Serbisyo**

### **Programang Health Homes (Bagong Benepisyo)**

**Sinasaklaw ng Blue Shield Promise ang mga serbisyo ng Programang Health Homes (HHP) para sa Mga Miyembro na may ilang hindi gumagaling na kondisyon sa kalusugan. Ang mga serbisyong ito ay upang makatulong na pangasiwaan ang mga serbisyong pisikal na kalusugan, mga serbisyong kalusugan ng pag-uugali, at mga serbisyo at suporta na pangmatagalan (LTSS) na nakabatay sa komunidad para sa Mga Miyembrong may mga hindi gumagaling na kondisyon.**

**Maaari kang kontakin kung kuwalipikado ka para sa programa. Maaari mong tawagan ang Blue Shield Promise, o makipag-usap sa iyong doktor o kawani ng klinika, upang malaman kung maaari kang makatanggap ng mga serbisyo ng HHP.**

**Maaari kang maging kuwalipikado para sa HHP kung:**

- **Mayroon kang ilang hindi gumagaling na kondisyon sa kalusugan. Maaari kang tumawag sa Blue Shield Promise upang malaman ang mga kondisyon na kuwalipikado; at**
- **Natutugunan mo ang isa sa sumusunod:**
  - **Mayroon kang tatlo o higit pa ng mga hindi gumagaling na kondisyon na karapat-dapat sa HHP**
  - **Nanatili ka sa ospital sa nakalipas na taon**
  - **Bumisita ka sa emergency department nang tatlo o higit pang beses sa nakalipas na taon; o**
  - **Wala kang lugar na matitirahan.**

**Hindi ka kuwalipikadong makatanggap ng mga serbisyo ng HHP kung:**

- **Tumatanggap ka ng mga serbisyo sa hospisyo; o**
- **Nakatira ka sa isang skilled nursing facility nang mas matagal kaysa sa buwan ng pagtanggap at ang sumusunod na buwan.**

**Mga Saklaw na Serbisyo ng HHP:**

**Bibigyan ka ng HHP ng isang tagakoordina ng pangangalaga at pangkat ng pangangalaga na makikipagtulungan sa iyo at sa iyong mga provider ng pangangalaga sa kalusugan, tulad ng iyong mga doktor, espesyalista, parmasyutiko, tagapamahala ng kaso, at iba pa, upang ikoordina ang iyong pangangalaga. Nagbibigay ang Blue Shield Promise ng mga serbisyo ng HHP, na kabilang ang:**

- \* **Komprehensibong Pamamahala ng Pangangalaga**
- \* **Pangangasiwa ng Pangangalaga**
- \* **Pagtataguyod ng Kalusugan**
- \* **Komprehensibong Paglipat ng Pangangalaga**
- \* **Mga Serbisyonang Suporta sa Indibidwal at Pamilya**
- \* **Referral sa Suportang Pangkomunidad at Panlipunan**

**Gastos ng Miyembro:**

**Walang gagastusin ang Miyembro para sa mga serbisyo ng HHP.**

**Maaari kang tawagan ng Blue Shield Promise at ng mga kasosyo nito kung natutugunan mo ang mga patakaran.** Upang malaman ang higit pa, tumawag sa Member Services ng Blue Shield Promise sa **1.800.605.2556 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m.

---

## Seksyon: Mga Benepisyo at Serbisyo

### *Pediatric Palliative Care (Bagong Benepisyo)*

*Simula Enero 1, 2019, ibibigay ang mga serbisyong Pediatric Palliative Care (PPC) ng Blue Shield Promise.*

*Nag-aalok ang pangangalagang pampakalma ng suporta at mga serbisyo sa mga batang may malulubhang medikal na kondisyon na maaaring magpahusay sa kalidad ng buhay ng bata. Nagbibigay rin ang PPC sa mga pamilya ng espesyal na tulong na kailangan upang alagaan ang mga kumplikadong sakit ng bata at maaaring magbigay ng paggamot na maaaring makalunas sa sakit. Upang malaman ang higit pa, tumawag sa Member Services ng Blue Shield Promise sa **1.800.605.2556 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m.*

---

## Seksyon: Mga Benepisyo at Serbisyo

### *Programang Pharmacy Home*

*Para sa mga miyembrong kuwalipikado, iniaalok ng Blue Shield Promise ang Programang Pharmacy Home upang matulungan ang mga miyembro na pamahalaan ang kanilang kontroladong gamot nang ligtas. Ang Pharmacy Home ay isang parmasya na nakikipagtulungan sa Blue Shield Promise kung saan mo kukuhanin ang lahat ng iyong reseta para sa mga kontroladong gamot.*

*Tatawagan ka ng Blue Shield Promise kung kuwalipikado ka para sa programa. Kung nakatala ka sa programang ito, makakapili ka ng kasaling Pharmacy Home na maginhawa para sa iyo. Ipapaalam din ng Blue Shield Promise sa iyong doktor kapag nakatala ka.*